# Mga Madalas Itanong Tungkol sa COVID-19 at sa Unemployment Insurance Benefits Administration ng Maryland - Unemployment Insurance

*(Isinalin-wika ang dokumentong ito noong Marso 27, 2020. Maaring may mas bagong impormasyon pagkalipas ng petsang ito. Gagawin ang lahat para mai-update ang pagsasalin na ito nang maaga para sa lahat ng importanteng update.)*

## Mga Pangkalahatang Tanong

**1. Kung pansamantalang inihinto ng employer ko ang mga operasyon dahil sa COVID-19, na nagpipigil sa akin na makapasok sa trabaho, karapat-dapat ba ako para sa mga benepisyo?**
Kung pansamantala kang natanggal sa trabaho dahil sa pag-shutdown ng negosyo dahil sa COVID-19, inirerekomenda ng Division of Unemployment Insurance na mag-file ka ng claim para sa unemployment insurance. Pagkatapos mong mag-file ng claim para sa mga benepisyo ng unemployment insurance, tutukuyin ng Division of Unemployment Insurance kung kwalipikado kang makatanggap ng mga benepisyo ng unemployment insurance. Maaari kang mag-apply para sa mga benepisyo ng unemployment insurance nang online o sa pamamagitan ng telepono sa pagitan ng 7:30 a.m. - 3:30 p.m., Lunes hanggang Biyernes, sa 410-949-0022 (sa loob ng Baltimore-metro area at labas ng estado) o sa 800-827-4839 (mula sa loob ng Maryland).

**2. Kung naka-quarantine ako dahil sa COVID-19 at umaasang makababalik sa trabaho pagkaraang matapos ang quarantine, karapat-dapat ba ako para sa mga benepisyo?**
Ang una at pinakamagandang opsiyon para sa mga empleyado na kailangang magpaliban sa trabaho dahil sa sakit ay gamitin ang kanilang time off na bayad ng employer. Hinihingi ng Maryland Healthy Working Families Act na ang mga employer na may 15 o higit pang mga empleyado na magbigay ng bayad na sick at safe leave para sa ilang mga empleyado. Ang mga employer sa Maryland na nagpapatrabaho sa 14 o mas kaunti pang mga empleyado ay kinakailangang magbigay ng di-bayad na sick at safe leave para sa ilang empleyado. **Makahanap ng mas maraming impormasyon tungkol sa Maryland Healthy Working Families Act.**

Kabilang sa “unemployment” (kawalan ng trabaho) ang pagbawas ng kapwa oras ng trabaho at kinita. Ang isang tao na nakatatanggap ng bayad na sick leave o bayad na family leave ay nakatatanggap pa rin ng bayad at karaniwang hindi maituturing na “unemployed” (walang trabaho) para s amga layunin ng pagkolekt ng mga benepisyo ng unemployment insurance.

Kung kasalukuyan kang naka-quarantine ng isang propesyunal sa medisina o sa kautusan ng gobyerno, at sinabihan ka ng employer mo na huwag papasok sa trabaho hanggang sa matapos ang quarantine at hindi ito nagbigay ng opsiyon na mag-telework, inirerekomenda ng Division of Unemployment Insurance na mag-file ka ng claim para sa unemployment insurance. Pagkatapos mong mag-file ng claim, tutukuyin ng Division of Unemployment Insurance kung kwalipikado kang makatanggap ng mga benepisyo ng unemployment insurance. Maaari kang mag-apply para sa mga benepisyo ng unemployment insurance nang online o sa pamamagitan ng telepono sa pagitan ng 7:30 a.m. - 3:30 p.m., Lunes hanggang Biyernes sa 410-949-0022 (sa loob ng Baltimore-metro area at labas ng estado) o sa 800-827-4839 (mula sa loob ng Maryland).

**3. Kung magpasya ako nahindi pumasok sa trabaho dahil sa makatuwirang peligro na malantad o mahawa sa COVID-19 o para alagaan ang isang miyembro ng pamilya dahil sa COVID-19, karapat-dapat ba ako para sa mga benepisyo?**

Kung hindi ka nagpapakita ng anumang sintomas ng coronavirus, COVID-19, at nagpasya kang umalis sa pinagtatrabahuhan mo, inirerekomenda ng Division of Unemployment Insurance na mag-file ka ng claim para sa unemployment insurance. Maaaring matukoy ka na karapat-dapat para sa mga benepisyo kung ang mga detalye ng pagkakatanggal mo sa trabaho ay pinapahintulutan sa ilalim ng mga probisyon ng Maryland para sa good cause at/o hustong sitwasyon para sa kusang pag-alis sa trabaho, Seksiyon 8-1001 ng Maryland Unemployment Insurance Law.

Pagkatapos mong mag-file ng claim, tutukuyin ng Division of Unemployment Insurance kung kwalipikado kang makatanggap ng mga benepisyo ng unemployment insurance. Maaari kang mag-apply para sa mga benepisyo ng unemployment insurance nang online o sa pamamagitan ng telepono sa pagitan ng 7:30 a.m. - 3:30 p.m., Lunes hanggang Biyernes, sa 410-949-0022 (sa loob ng Baltimore-metro area at labas ng estado) o sa 800-827-4839 (mula sa loob ng Maryland).

**4. Kung kailangan kong magpaliban sa trabaho dahil may sakit ako, ngunit hindi ako nai-quarantine ng propesyunal sa medisina o sa kautusan ng gobyerno, magiging karapat-dapat ba ako para sa mga benepisyo ng unemployment insurance?**
Ang una at pinakamagandang opsiyon para sa mga empleyado na kailangang magpaliban sa trabaho dahil sa sakit ay gamitin ang kanilang time off na bayad ng employer. Hinihingi ng Maryland Healthy Working Families Act na ang mga employer na may 15 o higit pang mga empleyado na magbigay ng bayad na sick at safe leave para sa ilang mga empleyado. Ang mga employer sa Maryland na nagpapatrabaho sa 14 o mas kaunti pang mga empleyado ay kinakailangang magbigay ng di-bayad na sick at safe leave para sa ilang empleyado. **Makahanap ng mas maraming impormasyon tungkol sa Maryland Healthy Working Families Act.**

Kung hindi ka karapat-dapat para sa bayad na time off ng employer o naubos na ang bayad na time off mo, inirerekomenda ng Division of Unemployment Insurance na mag-file ka ng claim para sa unemployment insurance. Maaaring matukoy na ikaw ay karapat-dapat para sa mga benepisyo kung nag-time off ka mula sa trabaho at inaasahan mong makababalik sa parehong employer sa hinaharap.

Pagkatapos mong mag-file ng claim, tutukuyin ng Division of Unemployment Insurance kung kwalipikado kang makatanggap ng mga benepisyo ng unemployment insurance. Maaari kang mag-apply para sa mga benepisyo ng unemployment insurance nang online o sa pamamagitan ng telepono sa pagitan ng 7:30 a.m. - 3:30 p.m., Lunes hanggang Biyernes, sa 410-949-0022 (sa loob ng Baltimore-metro area at labas ng estado) o sa 800-827-4839 (mula sa loob ng Maryland).

**5. Kung magtanggal ng mga empleyado ang isang employer dahil sa kawalan ng produksyon dulot ng COVID-19, magiging karapat-dapat ba ang mga empleyado para sa mga benepisyo ng unemployment insurance?**
Magagamit ng mga indibidwal ang mga benepisyo sa kawalan ng trabaho ng Maryland na nawalan ng trabaho nang hindi nila pagkakasala. Kung matanggal ng mga empleyado ang isang employer dahil sa kawalan ng produksyon o bilang direktang resulta ng COVID-19, maaaring karapat-dapat ang mga indibidwal para sa mga benepisyo ng kawalan ng trabaho kung masasapatan nila ang ilang panukatan. Inirerekomenda na mag-file ka ng claim para sa unemployment insurance. Maaari kang mag-apply para sa mga benepisyo ng unemployment insurance nang online o sa pamamagitan ng telepono sa pagitan ng 7:30 a.m. - 3:30 p.m., Lunes hanggang Biyernes, sa 410-949-0022 (sa loob ng Baltimore-metro area at labas ng estado) o sa 800-827-4839 (mula sa loob ng Maryland).

**6. Kung babawasan ng employer ko ang mga oras ko bilang resulta ng COVID-19, magiging karapat-dapat ba ako para sa mga benepisyo ng unemployment insurance?**
Kung binawasan ng employer mo ang mga normal na oras mo bilang resulta ng COVID-19, maaaring karapat-dapat ka para sa partial na benepisyo. Maaari kang mag-apply para sa mga

benepisyo ng unemployment insurance nang online o sa pamamagitan ng telepono sa pagitan ng 7:30 a.m. - 3:30 p.m., Lunes hanggang Biyernes, sa 410-949-0022 (sa loob ng Baltimore-metro area at labas ng estado) o sa 800-827-4839 (mula sa loob ng Maryland).

**7. Paano kung magsara ang negosyo ng employer ko bilang resulta ng COVID-19?**
Kung magsara ng negosyo ang employer mo bilang resulta ng COVID-19, inirerekomenda ng Division of Unemployment Insurance na mag-file ka ng claim para sa unemployment insurance, dahil itinuturing ka na walang trabaho nang hindi mo kasalanan. Maaari kang mag-apply para sa mga benepisyo ng unemployment insurance nang online o sa pamamagitan ng telepono sa pagitan ng 7:30 a.m. - 3:30 p.m., Lunes hanggang Biyernes sa 410-949-0022 (sa loob ng Baltimore-metro area at labas ng estado) o sa 800-827-4839 (mula sa loob ng Maryland).

**8. Makakakolekta pa rin ba ako ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho kung makakatrabaho ako nang remote mula sa tahanan?**
Kung patuloy kang nakakatrabaho ng mga normal mong oras nang remote, hindi mo nasasapatan ang paglalarawan ng indibidwal na itinuturing na walang trabaho. Gayunpaman, kung mas kaunti ang oras na tinatrabaho mo nang remote, inirerekomenda na mag-file ka ng claim para sa unemployment insurance. Maaari kang mag-apply para sa mga benepisyo ng unemployment insurance nang online o sa pamamagitan ng telepono sa pagitan ng 7:30 a.m. - 3:30 p.m., Lunes hanggang Biyernes sa 410-949-0022 (sa loob ng Baltimore-metro area at labas ng estado) o sa 800-827-4839 (mula sa loob ng Maryland).

**9. Nakatatanggap ako ng mga tip mula sa mga customer na dagdag sa regular kong kinikita. Gagamitin ba ang mga tip ko para matukoy kung magkano ang matatanggap kong benepisyo?**
Regular na inuulat ng mga employer (nang quarterly) sa Division ang mga sinasahod ng kanilang mga empleyado. Ang mga sahod na ito, kabilang ang mga naulat na tip, ay ginagamit bilang batayan para sa pagkalkula ng halaga ng mga benepisyong maaaring karapat-dapat na makuha ng claimant. Kung mag-file ng claim ang empleyado na tumatanggap ng tip at nakatanggap ito ng pagtukoy tungkol sa halaga ng benepisyo niya na kaniyang tinututulan, makahihiling siya ng pagrepaso sa pagtukoy sa loob ng 30 araw. Kasama ng hiling para sa pagrepaso, makapagbibigay ang claimant ng katibayan ng iba pang sahod na natanggap niya, kabilang ang mga hindi naiulat na tip.

**10. Kinakailangan ko bang maghanap ng trabaho habang may state of emergency?**
Isinasaalang-alang ng Division ang mga pagsisikap ng bawat claimant kaugnay ng mga kondisyon ng merkado para matukoy kung nasapatan ang panukatan sa paghahanap ng trabaho sa ilalim ng Seksiyon 8-903 ng Maryland Unemployment Insurance Law. Sa loob ng panahong ito ng mabilis na pagbabago ng mga kondisyon sa merkado, maaaringhindi na hingin ng Division sa mga claimant na maghanap ng trabaho, kundi sa halip ay hingin sa mga claimant na magsagawa ng ibang mga aktibidad sa muling pagtatrabaho, gaya ng paglikha ng resume, pagtapos ng mga online na klase at mga kurso sa pagsasanay, o pagtapos ng iba pang mga aprubadong online na gawain na naghahanda sa claimant na makuha muli para magtrabaho sa panghinaharap at matatag na merkado ng labor.

Hindi kinakailangan ng mga claimant na maghanap ng trabaho kung pansamantala silang inalis sa trabaho ng kani-kanilang mga employer at nagbigay ito ng petsa ng pagbalik sa trabaho na wala pang 10 linggo sa hinaharap.

## Mga Tanong na Partikular sa Employer

**10. Kung nakatanggap ang isang empleyado o dating empleyado ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho bilang resulta ng pagsara ng negosyo dahil sa coronavirus, tataas ba ang buwis ng unemployment insurance ng employer?**
Walang employer na makakakita ng pagtaas ng kanilang tax rate para sa 2020 dahil sa coronavirus, COVID-19. Ang mga benepisyo sa unemployment insurance ay akmang sinisingil sa bawat employer batay sa mga kinita ng empleyado sa kanilang base period. Maaaring makakit ng pagtaas ang mga contributory employer sa kanilang 2021 na tax rate bilang resulta ng mga benepisyong ibinayad dahil sa COVID-19; gayunpaman, kinakalkula ang mga tax rate batay sa mga benepisyo na siningil sa employer account sa loob ng naunang tatlong (3) taon, na nagtatapos sa Hunyo 30. Kaya, ang anumang benepisyong ibinayad dahil sa coronavirus, COVID-19, mula Marso hanggang Hunyo ay bubuuhin ng apat (4) na buwan ng 36 na buwan na ginamit para makalkula ang 2021 na tax rate para sa mga employer.

Sa pangyayaring ang isang proseso para sa mga employer na mag-apply para sa isang waiver ng pagsingil sa anumang benepisyong ibinayad dahil sa coronavirus, COVID-19, magbibigay ng karagdagang impormasyon na babalangkas sa mga hinihingi. Rerepasuhin ang mga waiver nang case-by-case basis at aaprubahan kung pinapahintulot ng batas.

Sinisingil ang mga nagre-reimburse na employer nang dolyar sa dolyar para sa mga benepisyong ibinayad sa mga dati nilang empleyado.